samantalang ang kabila naman ay binubuto lamang ng mga bulaklak – ang Paraiso.

Ang kundisyon ng mundo natin ngayon sa katotohanan ay isang paraan ng paghahanda para sa personalidad ng tao. Ang Diyos ay lumikha sa mundong ito bilang isang lugar ng pagsubok. Binigyan Niya ang tao ng sariling desisyon at Siya ay nagtatala ng kanyang mga iniisip, sinasabi o ginagawa. Sa mismong panahon na ito, ang bawat tao ay nagpapakita mula sa tala ng kanyang buhay, kung saang grupo siya higit na karapat-dapat – sa mga tinik ba o sa mga bulaklak.

Halimbawa, kung ang isang tao ay aabuso sa iyo, guguluhin ka o hahamunin ka, mayroon kang dalawang paraan upang tumugon. Ang isa ay ang gumanti nang mata sa mata. Ito ay ang pinsalain sila tulad ng pamiminsala nila sa iyo sa pamamagitan ng pangaabuso, panggugulo at pananakit. Kaya sa panahon na ikaw ay hinahamon ay gumaganti ka sa parehong paraan.

Ang taong gumaganti sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng negatibong ugali. Nabubuo sa kanyang sarili ang pag-ani ng mga tinik. Sa panghabangpanahong mundo ng 'bukas' matapos ang kamatayan, siya ay hahayo na may matinik na personalidad; siya ay mailalagay sa gubat ng mga tinik at mananatili sa buong buhay niya na namumuhi at nabibigo.

Ang isa pang uri ng tao ay yaong tumutugon sa positibong paraan sa anumang negatibong kaganapan. Ang ibang tao ay mang-aabuso sa kanya, ngunit siya ay hindi mang-aabuso sa sinuman. Ang iba ay maaaring manggugulo sa kanya ngunit siya ay hindi manggugulo sa iba. Siya ay maaaring nasaktan ngunit siya ay hindi mananakit sa iba. Ang iba ay manghahamon sa kanya ngunit siya ay hindi manghahamon sa iba.

Ito ay tao na namumuhay na tulad ng bulaklak na nasa kalagitnaan ng mga tinik. Natuklasan niya ang Diyos samantalang Siya ay hindi nakikita sa mundong ito at nabubuhay ng isang positibong buhay na nakasentro sa Diyos. Kinukuha niya ang bawat sitwasyon bilang pagkakataon upang magkamit ng higit na biyaya mula

sa Diyos at bumuo sa kanyang sarili ng personalidad na tulad ng isang bulaklak. Kaya siya ay mabibigyan ng pagkakataon na tumira sa Hardin ng mga Bulaklak matapos ang kamatayan sa panghabang-panahon na mundo sa Paraiso.

Paano Tayo Bubuo ng Mabulaklak na Personalidad?

May dalawang pangunahing bahagi ang utak ng tao. Ang isa ay ang may malay na pag-iisip samantalang ay isa ay walang malay. Tuwinang pumapasok sa isip ng tao ang isang kaisipan ay pumapasok ito sa may malay na pag-iisip. Kalaunan, unti-unti, ito ay darating sa pag-iisip na walang malay. Ang walang malay na bahagi ng utak ay kung saan nananatili ang kaisipan nang permanente, kahit pa ito ay hindi naaabot ng may malay na bahagi ng pag-iisip ng tao. Sinumang nagnanais na magkaroon ng mabulaklak na personalidad ay marapat na pakilusin ang kanyang pagiisip tuwinang siya ay may negatibong pag-iisip upang ito ay baguhin tungo sa isang positibong pag-iisip. Sa susunod na bahagi nito, kapag ang kaisipan na ito ay tumungo sa walang malay na pag-iisip, ito ay naitatago na isang kaisipan na positibo at hindi negatibo.

Ang mga kalalakihan at kababaihan na nagtagumpay sa pagbuo ng ganoong personalidad ay makakatagpo na ang imbakan ng kanilang mga kamalayan ay isang imbakan ng mga positibong bagay. Ito ay dalisay mula sa anumang uri ng negatibo. Ang mga positibong personalidad na tulad nito ang magkakamit ng Hardin ng mga Bulaklak sa panghabang-panahong mundo matapos ang kamatayan – ang Paraiso – na kung saan ay mananatili sa panghabang-buhay na kalagayan ng kaligayahan at tuwa.

kaligayahan at tuwa.



Ang Ideolohiya ng Buhay

Ang tao ay pinanganak na likas na mapagtanong. Ito ang naghihiwalay sa kanya mula sa iba pang mga nilalang o bagay na may buhay. Dahil siya ay may taglay na kakayanang mag-isip, hindi niya kayang pigilin ang kanyang sarili na magtanong tungkol sa mga pagkilos o kaganapan sa kanyang paligid. Siya ay nananatiling walang pahinga hanggang sa siya ay makatagpo ng rasyonal na sagot sa mga katanungan na may kinalaman sa Ideolohiya ng Buhay tulad ng: Sino ako?, Saan ako nanggaling?, Ano ang layunin sa aking pagkakalikha?, Bakit marami akong pagnanasa?, Ang buhay ba ay kinokontrol ng tadhana o sariling desisyon?, Bakit may pagdurusa sa mundo?, Totoo bang may Diyos? Paano ako maliligtas?, Bakit hindi ako nabubuhay para lang sa araw na ito? Ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan?... Ang mga katanungan ay marami, ngunit ang sagot ay iisa lamang - ang isang pang-unawa na nakabatay sa katwiran sa pag-unawa sa dahilan ng tao ayon sa ideolohiya ng buhay.

Ayon sa Islamikong konsepto ng ideolohiya ng buhay, ang tao ay isang nilalang na naghahanap ng paglilibang. Marami siyang mga pagnanasa at naghahangad siya ng mundo na kung saan ay mapupunan niya ang kanyang mga pagnanasa. Ngunit walang sinuman ang magkakamit ng layuning ito. Lahat ay nakatakda na mamatay na hindi natutupad ang kagustuhang ito.

Ang kanilang tadhana, sa kabilang-dako ay espesyal sa tao – walang sinumang nilalang ang nakikibahagi sa

tadhana na ito. Tulad ng nalalaman,

Lahat ay nakatakda na mamatay na hindi natutupad ang kagustuhang ito.

ang pisikal na mundo, ang mga bundok, ilog, bituin, at iba pa ay walang mga pagnanasa na anuman, at ito ay nagliligtas sa kanila mula sa problema ng pagnanasa na hindi naisakatuparan.

Bakit ganito ang masalimuot na kinahinatnan ng mga bagay? Ang dahilan nito ay ang tao ay walang limitasyon sa kanyang kakayanang intelektuwal ngunit ang kanyang pisikal na kakayanan ay limitado. Ang salungatan na ito sa kanyang panloob na kalikasan ang siyang problema.

Ang Ideolohiya ng **Buhay ng Tao**

Matapos ang matinding trabaho, ang tao ay nagkakamit ng maraming kayamanan ngunit mamamatay nang hindi ganap na napapakinabangan ito. Itinayo niya ang kanyang pinapangarap na bahay. Ngunit sa

Ang kasalukuyang buhay ay kung saan ang tao ay maaari lamang magtanim at tayo naman ay mag-aani sa kabilang mundo.

kasamaang-palad, sa pagpasok niya rito, nakakaramdam siya na hindi niya ito mapapakinabangan nang husto dahil sa kanyang limitasyon at kakulangan ng kakayanan. Anumang bagay na nakakamit niya ay may kapintasan din samantalang ang tao ay perpeksiyunista sa pag-iisip. Matapos na maranasan niya ang bawat bagong mithiin na matagal niyang hinangad ay hindi na niya ito gusto dahil matapos na makuha ito, ay mapagtatanto niya na ang pagkakamit na ito ay hindi rin perpekto.

Ngunit may pag-asa pa sa sitwasyon na ito. Kung ang kalikasan ay may kakayanan na lumikha ng mundo na nagpapasaya sa pisikal na pangangailangan ng tao ay rasyonal lamang na ito ay magkaroon din ng kakayanan na lumikha ng mundo na pumupuno sa intelektuwal na pangangailangan nito.

Kaya walang pangangailangan na ang tao ay masadlak sa pagkabigo. Ang kailangan lamang ng tao ay ang isabuhay ang dalawang puntong plano sa kanyang buhay. Ang isa ay nakaayon sa kanyang mga pangangailangan

sa kasalukuyang mundo at ang isa naman ay ang pangangailangan niva sa mundo sa hinaharap.

Kaya, ang matagumpay na buhay sa mundong ito ay nakaayon sa mga sumusunod na konsepto: na ang kasalukuyang buhay ay kung saan ang tao ay maaari lamang magtanim at tayo naman ay mag-aani sa kabilang mundo. Kung tayo ay magtatanim ng buto sa umaga sa pag-asa na mapapakinabangan natin ang bunga nito sa gabi, tayo ay tiyak na mabibigo. Ngunit kung tayo ay maghangad na mag-ani ng prutas isandaang taon mula ngayon, sa kabilang dako, ay hindi tayo makakakita ng kabiguan dahil ang kabiguan ay hindi hihigit pa sa isa pang katawagan sa pag-asa na nailagay sa maling lugar. Ang problema ng tao ay hindi nakasalalay sa kalikasan ng buhay bagkus ay nasa pagunawa niya sa ideolohiya ng kanyang buhay. Kung ang tao ay mamumuhay sa buhay na ito na umuunawa na siya ay nagtatanim ng mga buto sa buhay na ito at papakinabangan ang mga bunga nito sa Kabilangbuhay ay hindi siya magiging biktima ng pagkabigo.

Mga Bulaklak at

Tinik

Ang limitadong mundo ngayon ay tulad ng isang gubat. May mga bulaklak at mga tinik sa

mga ito. Sa panghabangpanahon na mundo ng 'bukas', ang mga bulaklak at tinik ay mahihiwalay sa isat isa at ang isang panghabangpanahon na mundo ay malilikha na kung saan ang isang bahagi nito ay binubuo lamang ng mga tinik – ang Impiyerno,

Sinumang nagnanais na magkaroon ng mabulaklak na personalidad ay marapat na pakilusin ang kanyang pag-iisip tuwinang siya ay may negatibong pag-iisip upang ito ay baguhin tungo sa isang positibong pagiisip.